8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 2

Aralin 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 2: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Angelita F. Aquino (Vicente P. Trinidad National High School)

**Tagasuri:**
- Noel A. Ybañez

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa paggunita ng pamilya sa mga makasaysayang pagdiriwang. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang sariling mga paraan ng paggunita ng pamilyang kinabibilangan sa mga makasaysayang pagdiriwang ayon sa kanilang kakayahan upang malinang ang nasyonalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nakapagsasanay sa nasyonalismo sa pamamagitan ng paghahalaw ng mga *virtue* na ipinakita ng mga bayani at nasasalamin sa mga makasaysayang pagdiriwang<br>a. Nakakikilala ng mga paraan sa paggunita ng pamilya sa mga makasaysayang pagdiriwang.<br>b. Naipaliliwanag na ang paggunita ng pamilya sa mga makasaysayang pagdiriwang ay nakapagpapaunlad ng kamalayan sa mga kabayanihan ng mga magiting na Pilipino at mahahalagang pangyayari upang bigyang-pugay ang mga ambag ng mga ito sa bansa.<br>c. Nailalapat ang sariling mga paraan ng paggunita ng pamilyang kinabibilangan sa mga makasaysayang pagdiriwang ayon sa kanilang kakayahan. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | ***Nasyonalismo (Nationalism)*** |
| **E. Nilalaman** | Paggunita ng Pamilya sa mga Makasaysayang Pagdiriwang |
| **F. Integrasyon** | Mga piling batas o proklamasyon tungkol sa mga makasaysayang pagdiriwang |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Almario, V. S. (2021, August 18). [Sarì-Sámot] Kasaysayan ng Buwan ng Wika. RAPPLER. Retrieved from, https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/explainer-history-national-language-month-philippines/#:~:text=Noong%20Hulyo%2015%2C%201997%2C%20pinalak%C3%AD,tuwing%20Agosto%201%20hanggang%2031. |

Ano ang Nasyonalismo? Kahulugan at Halimbawa. (2023, September 10). Sanaysay Philippines. Retrieved from https://www.sanaysay.ph/ano-ang-nasyonalismo/

Araw ng Kagitingan. (n.d.). CulturEd: Philippine Cultural Education Online. https://philippineculturaleducation.com.ph/araw-ng-kagitingan/

Buwan ng Wika. (n.d.). www.home.blog. Retrieved May 11, 2024, from https://buwanngwika.home.blog/

EDSA People Power Revolution: Balik-Tanaw. (n.d.). katakatakacom.wordpress.com. Retrieved May 11, 2024, from https://katakatakacom.wordpress.com/edsa-people-power-revolution-balik-tanaw/

Ika 114-th na Araw ng Kalayaan ng Pilipinas. (n.d.). https://takboprintipe.wordpress.com. Retrieved May 10, 2024, from https://takboprintipe.wordpress.com/2012/06/12/maligayang-ika-114th-na-araw-ng-kalayaan-pilipinas/

IKa-125 Anibersaryo ng Araw ng Kalayaan. (n.d.). www.plmun.edu.ph/. Retrieved May 11, 2024, from https://www.plmun.edu.ph/event.php?id=312#:~:text=Noong%20ika%2D12%20Hunyo%201898,na%20pamumuno%20ng%20mga%20Kastila.

Makasaysayan: Monolingual Tagalog definition of the word makasaysayan. (n.d.). TagalogDotCom. Retrieved from https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/makasaysayan#google_vignette

Manto-Beltran, L. (2023, July 9). Pagpapalit ng petsa ng Araw ng Kalayaan, hindi dulot ng sama ng loob – Pinoy Peryodiko. Pinoy Peryodiko. Retrieved from https://pinoyperyodiko.manilatimes.net/2023/06/12/kasaysayan/pagpapalit-ng-petsa-ng-araw-ng-kalayaan-hindi-dulot-ng-sama-ng-loob/1328/

Mga Bayani ng Pilipinas at Ang Kanilang Nagawa. (n.d.). Talambuhay Ng Mga Bayani Ng Pilipinas.Retrieved from https://bayaningfilipino.blogspot.com/2017/10/mga-bayani-ng-pilipinas-at-ang-kanilang.html

Mga Pagdiriwang sa Ating Bansa. (n.d.). www.youtube.com. Retrieved May 11, 2024, from https://www.youtube.com/watch?v=G06sbcHyNys

R. (2021, August 31). Araw ng mga Pambansang Bayani. Official Website of Municipality of Real. https://realquezon.gov.ph/araw-ng-mga-pambansang-bayani/

Relativo, J. (2023, October 5). Inflation rate umapaw lalo sa 6.1%; presyo ng pagkain itinuturong dahilan. Philstar.com. Retrieved from https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2023/10/05/2301404/inflation-rate-umapaw-lalo-sa-61-presyo-ng-pagkain-itinuturong-dahilan

T. (2021, February 24). PAGDIRIWANG. TAGALOG LANG. Retrieved from https://www.tagaloglang.com/pagdiriwang/

Torda. (n.d.). Ang Pagdiriwang sa Buwan ng mga Nagkakaisang Bansa. www.coursehero.com. Retrieved May 21, 2024, from https://www.coursehero.com/file/140425328/TORDA-Yamina-Kaye-T-BSN-1E-KomFil-Pagdiriwang-sa-Buwan-ng-Mga-Nagkakaisang-Bansapdf/

United Nations. (n.d.). Retrieved May 21, 2024, from https://www.facebook.com/chrgovph/photos/ang-pilipinas-ay-ika-28-sa-lumagda-ng-united-nations-un-declaration-noong-10-jun/1538311389618734/

Why has life become much harder and politics even more corrupt after EDSA? (n.d.). kahimyang.com. Retrieved on May 11, 2024, from https://kahimyang.com/kauswagan/articles/2414/why-has-life-become-much-harder-and-politics-even-more-corrupt-after-edsa

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral (mula sa nakaraang aralin)**<br>Tumulin lalo ang pagtaas ng presyo ng bilihin at serbisyo sa Pilipinas nitong Setyembre ayon sa ulat ng Pilipino Star Ngayon noong Oktubre 5, 2023 (Relativo, 2023). Marami sa mga Pilipino ay nahihirapan na kung paano pagkakasyahin ang maliit at hindi sapat na kita sa araw-araw.<br>Isa ba ang iyong pamilya sa mga labis na naapektuhan ng pagtaas ng bilihin? Bilang isang kabataan, paano ka tutulong sa iyong pamilya upang kahit papano ay mapagaan ang sitwasyong katulad nito. Maging mapamaraan ka. Gamitin ang iyong natutunan mula sa nakaraang aralin.<br>1.______________________________________<br>2.______________________________________<br>3.______________________________________<br>**Tanong :**<br>Bakit mahalaga na matutunan mo ang pagiging mapamaraan sa panahong ito?<br>______________________________________ | Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain 1: Nasyonalismo (20 Minuto**)<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Panuto:** Basahin at unawain ang kahulugan ng mga salita at pagkaraan ay bumuo ng makabuluhang pangungusap gamit ang mga salitang ito.<br>**Nasyonalismo** - Nasyonalismo ay isang konsepto na naglalayong ipahayag at itaguyod ang pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling bansa.<br>**Pagdiriwang** - paggunita sa pamamagitan ng pagsasayá, pista, o parangal<br>**Makasaysayan**- tumutukoy sa mga pangyayari, lugar, o tao na may malaking kahalagahan at malalim na ambag sa kasaysayan at kultura.<br>**Bayani** - ang bayáni ay matapang, may matinding pag-ibig sa bayan, at nagbubuwis ng buhay para dito. | **Gawain 1:** *Tingnan ang sagutang papel ng pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito.<br>Pagkaraang makapagsulat ng sagot ang mga mag-aaral, ibabahagi nila ito sa buong klase.<br>Bibigyan ng diin ng guro na maraming paraan upang maisabuhay ang Nasyonalismo sa paraang madali at kayang |

| | | |
|---|---|---|
| | **Kagitingan** - tumutukoy sa abilidad ng indibidwal na sumasalamin sa tapang upang mapagtagumpayan ang isang bagay. Maihahantulad ang salitang ito sa katapangan o kaya'y kabayanihan. | gawin ng isang *Grade 8 student.* Pupunahin ng guro ang mga tamang pananaw tungkol sa Nasyonalismo at itutuwid kung magkakaroon man ng kalituhan tungkol dito. Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Paraan sa Paggunita ng Pamilya sa mga Makasaysayang Pagdiriwang**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Sa Pilipinas mo makikita ang malapit na ugnayan at pagbubuklod ng pamilya. Hindi nagiging hadlang ang pag-aasawa o pagtatrabaho sa malayong lugar upang hindi magkita-kita at magsalu-salo lalo na sa mga panahon ng pagdiriwang o mahahalagang okasyon na may kinalaman sa pamilya.<br>Ano ano ang mga okasyong madalas mong ipagdiwang kasama ang iyong pamilya?<br>Kadalasan ang bawat pamilyang Pilipino ay nagdiriwang dahil sa mga personal na okasyon na lubhang mahalaga para sa kanila, halimbawa nito ay kaarawan, kasal, anibersaryo, binyag, pagtatapos ng pag-aaral at pasko kung saan mayroong iba't ibang paraan ang bawat pamilya ng pagdiriwang. Alam mo ba na may ilang okasyon na ipinagdiriwang ng iyong pamilya kasama ang buong bansa? Maari ka bang magbigay ng isang halimbawa ng pagdiriwang na ganito?<br>Ang mga okasyong kadalasang ginugunita hindi lamang ng iyong pamilya kundi ng buong bansa ay ang mga makasaysayang pagdiriwang. Ito ay itunuring na makasaysayan dahil ito ay mga pangyayari na may malaking kahalagahan at malalim na ambag sa kasaysayan at kultura ng ating bayan. Ilan sa dito ay ang sumusunod:<br><br>1. **People Power Revolution**. Ito ay kilala sa tawag na Himagsikan ng Lakas ng Bayan, Rebolusyon sa EDSA ng 1986, EDSA 1,EDSA *People Power at Yellow* | Bigyan ng 5 minuto ang mga mag-aaral upang alalahaninn ang mga okasyon kung saan sama-sama nilang ipinagdiriwang bilang isang pamilya.<br><br>Maaaring itanong ng guro ang mga *unique* o kakaibang paraan na kanilang ginagawa, halimbawa, *talent contest* at palaro tuwing pasok kung saan itinatapat din bilang *reunion* ng pamilya.<br><br>Para sa karagdagang kaalaman. Narito ang isang bidyo na maaaring panoorin tungkol sa iba't ibang |

| | | |
|---|---|---|
| | *Revolution*. Naging laman ng balita ang rebolusyon na ito na may *headline news* na *"the revolution that surprised the world"*.<br>Ito ang mapayapang demonstrasyon ng mamayan na nagtagal ng apat na araw mula Pebrero 22 hanggang 25, taong 1986. Nangyari ito sa Epifanio Delos Santos Avenue na kilala bilang EDSA. Mahigit 2 milyong sibilyan, kasama ang mga militanteng grupo at relihiyosong samahan sa pangunguna ni Cardinal Jaime Sin at kasama niya si Cardinal Ricardo Vidal. Ang pangunahing layunin nito ay pababain sa panunungkulan ang kasalukuyang Pangulong Ferdinand Marcos at ihalal na maging bagong presidente si Corazon "Cory" Aquino.<br>Nag-ugat ito sa tatlong dahilan: (Una) ang diktatoryang pamahalaan ng Pangulong Ferdinand Marcos.  (pangalawa) ang pagpatay kay Benigno "Ninoy" Aquino Jr. at (pangatlo) ang dayaan noong snap elections. (EDSA People Power Revolution: Balik-Tanaw, n.d.)<br><br>2**. Araw ng Kagitingan.** Ang paggunita sa Araw ng Kagitingan ay ang pag-alaala sa katapangan ng mga Filipinong nakipaglaban at nagbuwis ng buhay para sa bayan. Ito din ay kilala bilang Day of Valor at ginugunita tuwing ikasiyam ng Abril. Ito ay tinuturig bilang pambansang pista ng Pilipinas.<br>Noong ikasiyam ng Abril 1942, pagkatapos ng tatlong buwan na Labanang Bataan, isinuko ni Major General Edward King Jr. ng Estados Unidos ang mahigit-kumulang 76,000 sundalo sa hukbong Japanese. Ang mga alyadong sundalo— Filipino, Americano, at Tsinoy—ay sapilitang pinalakad, at sa hulíng yugto ay ipinagsiksikan sa mga kotse ng tren, sa umaabot sa 140 km patungong Camp O'Donnell sa Capas, Tarlac. Libo-libo ang binawian ng búhay sa tinatawag na "Death March" dahil sa uhaw, init, gutom, karamdaman, at pagmaltrato ng mga Japanese. Mahigit-kumulang 54,000 sundalo lámang ang nakaabot nang buháy sa kampo. (Araw Ng Kagitingan, n.d.) Bagamat hindi naging matagumpay ang depensa noon ng bansa sa Corregidor sa Bataan hindi matatawaran ang naging sakripisyo ng mga Pilipino na buong tapang na lumaban hanggang kamatayan.<br><br>3**. Araw ng Kalayaan**. Noong ika-12 Hunyo 1898, ay itinaas ni Heneral Emilio Aguinaldo ang watawat ng Pilipinas at kanyang idineklara ang Araw ng Kalayaan ng Pilipinas o Araw ng Kasarinlan sa Kawit, Cavite. Ito ay ipinagdiriwang bilang | Pambansang pagdiriwang ng Pilipinas.<br><br><br><br><br>*Link*: Mga Pagdiriwang sa Ating Bansa. (n.d.). www.youtube.com. Retrieved May 11, 2024, from https://www.youtube.com/watch?v=G06sbcHyNys |

paggunita sa makasaysayang paglaya ng bansang Pilipinas mula sa kolonyal na pamumuno ng mga Kastila. (IKa-125 Anibersaryo Ng Araw Ng Kalayaan, n.d.). Taong 1962 nang ipinalabas ni dating Pangulong Diosdado Macapagal ang Presidential Proclamation 28 na nagdedeklara sa Hunyo 12 bilang isang special public holiday. At ipinasa ng Kongreso ang Republic Act No. 4166 noong 1964, na pormal na nagtakda sa Hunyo 12 ng bawat taon bilang petsa ng Kalayaan ng Pilipinas. (Manto-Beltran, 2023)

4. **Buwan ng Wika**. Agosto, ito ang panahon kung saan ipinagdiriwang natin ang ating pambansang wika, ang wikang Filipino kung saan ang mga kabataan ay nag susuot ng mga makasaysayang damit na ginagamit noong nagdaan na panahon. Ang Buwan ng Wika ay isang pagdiriwang kung saan inaalala nating mga Pilipino ang mga makasaysayang pangyayari sa ating bansa. At hindi mawawala ang mga patimpalak na nagaganap tuwing sasapit ang pagdiriwang na ito, halimbawa na lamang ang mga patimpalak na naganap sa paaralan gaya ng Lakan at Lakambini na matitipuno at kay gagandang mga dilag na nagpapakitang gilas na inilabas ang natatanging katangian ng lalaki at babaeng Pilipino. (Buwan Ng Wika, n.d.) Mayroon ding mga paligsahan sa pagkanta gamit ang *Original Filipino Music* o OPM ,pagsayaw ng mga katutubong sayaw, at madamdaming pagtula. Noon, isang linggo lamang tumatagal ang pagdiriwang na ito ngunit noong Hulyo 15, 1997, pinalakí ni Pangulong Fidel Ramos ang petsa ng pagdiriwang para sa wikang Filipino. Sa bisà ng Proklamasyon Blg. 1041, ipinahayag ang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1 hanggang 31. (Almario, 2021)

5. **Araw ng mga Pambansang Bayani.** Ipinagdiriwang ang Araw ng mga Pambansang Bayani tuwing huling linggo ng buwan ng Agosto bilang pagbibigay-pugay sa wagas nilang pagmamahal at pagkamakabayan sa ating bansa. Sa kasaysayan, ipinasa ng Philippine Legislature ang Araw ng mga Pambansang Bayani noong ika-28 ng Oktubre 1983 sa ilalim ng Republic Act No. 3827. Maraming mga Pilipino ang nagsumikap upang ipaglaban at makipagdigmaan sa mga dayuhan para makamit ang ating kalayaang inaasam. Tulad ni Jose Rizal na lumaban sa mga mananakop sa pamamagitan ng panitikan na kahit hindi naman talagang purong Pilipino ay kaniyang pinagsikapang ibangon ang bansang

Pilipinas at harapin ang kamatayang ipinukol sa kanya. Si Andres Bonifacio, isang simpleng manggagawa na naging "Ama ng Rebolusyon". Si Emilio Aguinaldo na naging kauna-unahang Pangulo ng Pilipinas at si Melchora Aquino na kilalang "Tandang Sora" na siyang sumasaklolo upang gamutin ang mga Pilipinong sugatan sa digmaan. Gaya din nila Apolinario Mabini, Marcelo H. del Pilar, Juan Luna, Gabriella Silang, at Sultan Dipatuan Kudarat at marami pang ibang mga bayaning tila limot na natin dahil sa ating pagiging abala sa larangan ng buhay sa kasalukuyang panahon. Napakahalaga ng araw na ito sapagkat ipinapaalala sa atin ang mga naiambag nila sa ating bayan na dapat hindi kailanman magmamaliw. Hindi mapapantayan ninuman ang kanilang katapangan at pagmamahal sa bayan na naging daan upang makamit ang kalayaan na ating ipinagpapatuloy magpahanggang ngayon. (2021)

6. **Nagkakaisang Bansa (United Nations)** Ang Pilipinas ay ika-28 sa lumagda ng United Nations (UN) Declaration noong 10 June 1942. Ang pagpirmang ito ay ang pagsunod sa mga polisiya at mandato ng UN kapalit ng mga benepisyo tulad ng kapayapaan at seguridad, *economic and social development, at humanitarian affairs.*
Nirepresenta ni Carlos P. Romulo ang Pilipinas sa paglagda ng kasunduan. (United Nations, n.d.)
Ang United Nations ay ang pagtitipon-tipon ng mga independiyenteng estado. Ipinagdiriwang ito taun-taon upang mapaunlad at mapanatili ang kapayapaan at seguridad ng mga estado. Hindi lamang iyan ang layon nito, kabilang din ang pagpapaunlad ng mabuting pagsasamahan ng mga bansa, pagkakabuklod-buklod at pagtutulungan, gayon din ang pagkilala sa iba't ibang tradisyon o kultura ng isa't isa at pagrespeto sa mga ito. Dahil sa pagkakaisa ng mga bansa, naiimpluwensiyahan nito ang pagpapanatili ng kapayapaan at pagtutulungan ng ating bansa at sa ibang mga estadong kasapi nito. Positibong resulta ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang United Nations. Ito ang humalili sa organisasyong League of Nations na nabuo nang matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. (Torda, n.d.)

7. **Rizal Day.** Taun-taon tuwing Disyembre 30 ay inaalala ng buong bansa ang naging kamatayan ni Dr. Jose P. Rizal, ang ating Pambansang Bayani.

| | | |
|---|---|---|
| | Si Rizal ay isang kahanga-hangang tao dahil sa kanyang taglay na husay at talino. Siya ay isang manggagamot, pintor, manunulat, polyglot o isang taong may kakayahan na magsalita at gumamit ng iba't ibang lenguwahe, propagandista at repormista. Siya rin ay isang manunulat. ang may-akda ng mga nobelang "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo". Ang kanyang mga isinulat ang nagbigay inspirasyon sa maraming Pilipino kabilang na ang ating bayaning si Andres Bonifacio na lumaban at ipinagtanggol ang bayan laban sa mga kaaway. Nagbuwis ng buhay si Jose Rizal para makamit ang kalayaan ng ating bayan mula sa Espanya.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 3: Pakikilahok ng Pamilya sa Makasaysayang Pagdiriwang (10 minuto)**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 4: Paggawa ng Poster (25 Minuto)**<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Kahalagahan ng paggunita sa mga makasaysayang pagdiriwang**<br>**-nagpapaunlad ang kamalayan sa: kabayanihan ng mga magigiting na Pilipino at mahahalagang pangyayari**<br>**-daan sa pagbibigay pugay sa ambag ng mga bayani at paghalaw sa mga virtue na ipinakita**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>*"The Filipino is worth dying for"*. Ang katagang ito ay minsan nang winika ni Benigno Simeon "Ninoy" Aquino Jr. Ito ay nagsasaad ng isang damdaming nagpapakita ng tunay na pagmamahal sa bayan. Ang isang konsepto na naglalayong ipahayag at itaguyod ang pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling bansa ay tinatawag na Nasyonalismo. (Ano Ang Nasyonalismo? Kahulugan at Halimbawa, 2023) | **Gawain 3:** *Tingnan ang sagutang papel ng pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito<br><br>**Gawain 4:** *Tingnan ang sagutang papel ng pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>Maglalaan ng 25 minuto para sa gawaing ito |

Maraming paraan upang makita at maramdaman ang diwa ng Nasyonalismo. Ayon sa iba, ang isang halimbawa ng nasyonalismo ay ang pagbubuwis ng buhay para sa bayan. Sa kasaysayan ng Pilipinas, maraming bayani ang nagpakita ng kanilang matinding pagmamahal para sa bayan ng kanilang itong ipaglaban mula sa kamay ng iba't-ibang mapanakop na bansa para makamit ang kalayaan.

Sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng Nasyonalismo, nagkakaroon ng malalim na pakikipag-ugnayan at pagkakakilanlan ang mamamayan sa kanyang bansa.

Naisapamuhay ng maraming Pilipino ang diwa ng Nasyonalismo. Ang ilan sa kanila ay kinikilala bilang mga bayani. Sila ay nag alay ng panahon, husay at buhay para makamit ng Pilipinas ang kasarinlan. Sa pamamagitan ng paggunita ng mga makasysayang pagdiriwang nababalikan ng Pilipino lalo na ng mga kabataan ang makabuluhang kontribusyon ng mga bayani. Ano ang kanilang mga natatanging kontribusyon sa bayan na nararapat na patuloy na kilalanin at ipagdiwang? (Mga Bayani Ng Pilipinas at Ang Kanilang Nagawa, n.d.)

Mga Bayani ng Pilipinas

| | |
|---|---|
| | **Jose P. Rizal**<br>Ang Pambansang Bayani ng Pilipinas na lumaban sa mga Kastila sa pamamagitan ng kaniyang mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo noong panahon ng pananakop ng Espanya sa bansa. Ang mga nobela ito ang pumukaw sa isip ng mga Pilipino na ipaglaban ang kanilang karapatan laban sa mga kastila |
| | **Andres Bonifacio**<br>Siya ay isang Pilipinong rebolusyonaryo at bayani na nagtatag ng Kataastaasan Kagalanggalang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) o Katipunan, isang lihim na lipunan na nakatuon sa pakikipaglaban sa mga Espanyol na sumakop sa Pilipinas. |
| | **Antonio Luna**<br>Itinuturing na isa sa pinakamatapang at pinakamagaling na heneral sa panahon ng rebolusyonaryong Pilipino laban sa mga Amerikano. Siya ang nagtatag ng kauna-unahang akademyang militar sa Pilipinas |
| | **Apolinario Mabini**<br>Siya ay kilala bilang Dakilang Paralitiko at Utak ng Rebolusyon. Isa siya sa mga bumuhay ng La Liga Filipina na siyang nagbigay-suporta sa Kilusang Pang-reporma. Siya ang pangunahing may-akda ng unang |

Ang *link* para sa mga larawan ay makikita sa Batayang Sanggunian sa Pagkatuto

| | |
|---|---|
| | Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, kilala bilang "Malolos Constitution." |
| | **Emilio Jacinto**<br>Isa siya sa mga pinakamataas na opisyal ng Rebolusyong Pilipino at isa sa pinakamataas na opisyal ng Katipunan. Kilala siya sa mga aklat-aralin sa kasaysayan ng Pilipinas bilang Utak ng Katipunan |
| | **Lapu lapu**<br>Itinuturing na isa sa pinakadakilang pigura ng sinaunang kasaysayan ng Pilipinas. Isa siya sa unang lumaban sa pananakop ng Espanya dahilan upang napatay niya si Ferdinand Magellan |
| | **Melchora Aquino (Tandang Sora)**<br>Rebolusyonaryong Pilipino na kilala bilang "Tandang Sora" dahil sa kanyang edad. Siya ay kilala rin bilang "Ina ng Katipunan", "Ina ng Himagsikan" at "Ina ng Balintawak" para sa kanyang mga kontribusyon tulad ng pagbibigay ng pagkain at iba pang pangangailangan ng mga katipunero. |
| | **Pio Valenzuela**<br>Isang Pilipinong manggagamot at isang importanteng tao sa panahon ng Rebolusyong Pilipino laban sa mga kolonyalistang Espanyol. Sumali siya sa bagong tatag na Katipunan at ang kinomisyon ni Bonifacio upang makipag-usap kay Dr. Jose Rizal tungkol sa plano ng Katipunan na bumangon laban sa mga awtoridad ng Espanyol. Pio Valenzuela |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain 5: 1C-3E (10 Minuto)**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**
**Gawain 6: Pagpupugay sa Bayaning Pilipino (30 Minuto)**

**Gawain 5:** *Tingnan ang sagutang papel ng pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*
Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito
Bibigyang kahulugan ng guro ang salitang birtud.
-Ito ay tumutukoy sa mga katangian ng pagiging tao. Ito ay nagpapakita ng mabuting kilos o moralidad katulad ng pagiging matatag, mahinahon o malakas ng isang tao.

**Gawain 6:** *Tingnan ang sagutang papel ng pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*
Maglalaan ng 30 minuto para sa gawaing ito.
Ipaliliwanag ng guro:
Ano ang Tanaga?
Ang Tanaga ay isang maikling katutubong tula. Ito ay binubuo ng apat na taludtod sa bawat saknong kung saan mayroong pitong pantig ang bawat taludtod.
Tatawag ng mga mag-aaral na magbabasa ng kanilang ginawang tula. Sisiguraduhing tama ang indayog sa pagbasa nito. Mahalagang matutunan

| | | |
|---|---|---|
| | | ng mga mag-aaral ang tamang indayog sa pagababasa ng tula dahil ito ay bahagi rin ng kulturang Pilipino. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Ano ang kahulugan ng makasaysayang pagdiriwang?<br>________________________________________<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Ano ang mahalagang papel ng pamilya sa paggunita ng makasaysayang pagdiriwang?<br>________________________________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**I. Panuto:** Sagutan ang mga tanong sa ibaba. (5 puntos ang bawat isa)<br>1. Paano mo hihikayatin na maging aktibo ang iyong pamilya sa pakikiisa sa pagdaraos ng makasaysayang pagdiriwang sa Pilipinas?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Paano mo maipapakita ang Nasyonalismo sa pamamagitan ng paggunita sa makasaysayang pagdiriwangng bansa?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Gumawa ng *photo album* na nagpapakita ng iyong paggunita sa mga makasaysayang pagdiriwang kasama ang iyong pamilya. Lagyan mo ito ng simpleng detalye, halimbawa: pangalan ng okasyon, petsa at ano ang inyong paraan ng pagdiriwang. | |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |